OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
CITY OF MALOLOS BULACAN
RECEIVED
5-19-21
BY (50)
TIME 8:40am

# 382

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos
TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

Elaine

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 15**
Serye 2021

**ATAS NA NAGLALAHAD NG MGA PAMANTAYANG IIRAL SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-15 NG MAYO, 2021 HANGGANG SA ANG KLASIPIKASYONG PANGKUWARENTINA NA GENERAL COMMUNITY QUARANTINE WITH HEIGHTENED RESTRICTIONS AY MABAGO.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Inter-Agency Task Force For the Management of Emerging Infectious Diseases Resolution No. 115-A na may petsa 13 Mayo 2021, kabilang ang Lalawigan ng Bulacan sa mga lalawigang isinailalim sa klasipikasyong pangkuwarentina na General Community Quarantine;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa nabanggit na Resolusyon at sa pamamagitan ng isang pampublikong pahayag ng Tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas noong ika-13 ng Mayo 2021, ang General Community Quarantine ay ipatutupad na may kaakibat na pinaigting na paglilimita ng mga pinahihintulutang gawain o aktibidad (*with heightened restrictions*);

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PINAIGTING NA PAGLILIMITA NG MGA GAWAIN O AKTIBIDAD NGAYONG GCQ.** Tanging mga hindi maiiwasang pagbiyahe ang pinahihintulutan gaya ng pagtungo sa lugar ng hanapbuhay, pagbili ng mga pangunahing pangangailangan, at pagtungon sa tawag ng tungkulin sa tanggapan o industriyang kinabibilangan;



2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."

**SEKSYON II. PAHINTULOT NA LUMABAS NG BAHAY.** Tanging ang mga may edad na nasa pagitan ng *18 hanggang 65 ang maaaring lumabas ng bahay.* Ang lahat ng buntis at ang mga may isyung pangkalusugan ay nararapat na manatili sa loob ng bahay sa lahat ng panahon, liban na lamang kung ang kanilang paglabas ay para sa kanilang kalusugan, paghahanapbuhay, o pagbili ng mga kinakailangan / serbisyo kung sila ay namumuhay na walang kasama sa bahay.

**SEKSYON III. PAGTALIMA SA MGA PINAIGTING NA PAMANTAYAN AYON SA RESOLUTION 115-A NG IATF AT SA DTI MEMORANDUM CIRCULAR 21-19 SERIES OF 2021.**

1. Tanging mga hindi maipagpapalibang pagbiyahe ang pinahihintulutan patungo sa o palabas mula sa NCR Plus;
2. Ang mga restaurant, at iba pang kainan ay pinahihintulutang magkaroon hanggang sa ika-20% ng seating capacity para sa indoor dining, at 50% ng seating capacity para sa al fresco o outdoor dining;
3. Ang mga personal care services na kinabibilangan ng beauty salons, beauty parlors, barbershops, medical at aesthetic clinic, comsmetic or derma clinics, nail spas, reflexology, aesthetics, wellness and holistic centers at iba pang kahalintulad na establisyimento; acupuncture at electrocautery establishments ay maaaring magbukas hanggang sa 30% capacity *para lamang sa mga serbisyong maaaring makapagsuot ng facemask sa lahat ng oras ang kliyente*;
4. Ang mga outdoor tourist attractions na pahihintulutang bukas ng Kagawaran ng Turismo ay maaaring magpapasok ng turista hanggang 30% ng venue capacity;
5. Ang mga religious gatherings, paglilibing at lamay ng mga mahal sa buhay na pumanaw hindi dahil sa coronavirus, hanggang 10% lamang ng venue capacity ang pinahihintulutan;

Lakip ng Atas na ito ang sipi ng ANNEX A ng DTI Memorandum Circular 21-19 Series of 2021 para sa lagom na gabay patungkol sa bahagdan ng operation capacity ng mga establisyimentong maaaring magbukas habang nasa ilalim ng *General Community Quarantine with heightened restrictions* ang Lungsod.

**SEKSYON IV. MGA HINDI PINAHIHINTULUTANG MAGBUKAS NGAYONG GCQ.**

1. Entertainment venues na may live performers gaya ng karaoke bars, bars, clubs, concert halls, theaters, at mga cinemas;
2. Venues para sa mga pagpupulong at exhibitions, indoor sports at indoor tourist attractions;
3. Recreational venues gaya ng mga internet shop, billiard halls, amusement arcades, bowling alleys, at mga kahalintulad na establisyimento;
4. Amusement parks o theme parks, perya, kid amusement industries gaya ng playgrounds, playroom, at kiddie rides;
5. Casino, horse racing, cockfighting, operasyon ng mga sabungan, lottery, anumang tayaan, at iba pang laruan, libang na lamang kung may pahintulot ng IATF o ng Tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas;
6. Outdoor sports courts o venues for contact sports.

**SEKSYON V. PAGPAPATUPAD NG MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS.** Ang Kapulisan at ang mga Barangay Tanod sa pamamagitan ng Tanggapan ng mga Punong Barangay ay inaatasang siguruhin na walang sinumang makalalabas ng kanilang mga bahay ng walang face mask at face shield. Hinihikayat ang mga nakatatanda at ang mga may isyung pangkalusugan na magsuot ng face masks maging sa loob ng tahanan.

**SEKSYON VI. PAGGAWA SA MGA TANGGAPAN AT INDUSTRIYA.** Ang mga Tanggapan sa Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay tutupad sa tungkulin sa pamamagitan ng skeletal workforce liban sa mga Pinuno ng Tanggapan na nararapat na pangasiwaan ang kanilang mga Tanggapan sa lahat ng oras ng paggawa. Upang siguruhing patuloy ang mabilis na serbisyo publiko, *full operational capacity* ang ipatutupad sa Tanggapan ng Punong Lungsod, City Health Office, General Services Offices, City Engineering Office, City Disaster Risk Reduction and Management Office, Traffic Management Office, Information and Technology Office, City Information Office, City Environment and Natural Resources Office, at Business Permit and Licensing Office.

Ang mga Pampublikong Tanggapang nasa ilalim ng Pamahalaang Nasyunal ay inaatasang makipag-ugnayan sa kanilang Central Office patungkol sa bahagdan ng kanilang operasyon ngayong General Community Quarantine.

Ang mga pribadong establisyimento ay inaatasang makipag-ugnayan sa mga ahensiya ng Pamahalaang Nasyunal na nakasasakop sa kanilang industriya at tumalima sa DTI Memorandum Circular 21-19 Series of 2021.

**SEKSYON VII. STAY SAFE.PH APPLICATION AT SAFETY SEAL.** Ang lahat ng tanggapan at establisyimento sa Lungsod ng Malolos ay muling tinatagubilinang gamitin ang StaySafe.Ph Application upang matulungan ang pamahalaan tungo sa epektibong contact tracing. Patuloy na magsasagawa ng inspeksyon ang Bantay Covid-19 Special Team ng Lungsod upang gawaran ng Safety Seal ang mga tumatalimang establisyimento alinsunod sa DOLE-DOH-DILG-DOT-DTI JMC No. 21-01 Serye 2021.

**SEKSYON VIII. PAGBABAWAL NG PAG-INOM NG ALAK.** Tahasang ipinagbabawal ang pagkonsumo ng anumang inuming nakalalasing sa loob ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON IX. CURFEW.** Ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay tatalima sa curfew hours na ipinatutupad sa buong lalawigan na nakatindig mula 8PM hanggang 5AM.

**SEKSYON X. MAHIGPIT NA PAGTALIMA.** Ang Bantay COVID-19 Special Team na binubuo ng mga kawani at kinatawan ng *City Health Office, City Disaster Risk Reduction and Management Office, City Administrator's Office, Business Permit and Licensing Division, Philippine National Police*, at *Bureau of Fire Protection*, ay patuloy na inaatasang makipagtulungan sa Tanggapan ng mga Punong Barangay tungo sa mahigpit na pagpapatupad ng *Minimum Public Health Standards*, at ng mga nilalaman ng Atas na ito, at iba pang kaugnay na batas at alituntuning inilathala o ilalathala ng Pamahalaang Nasyunal patungkol sa *Community Quarantine:*

**SEKSYON XI. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, mananatiling may bisa ang lahat ng sugnay na maaaring ihiwalay sa sugnay na nawalan ng bisa.

**SEKSYON XII. SUGNAY NG PAGBUBUKLOD.** Anumang batas, atas, ordinansa, o regulasyong ipatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan at Pamahalaang Nasyunal kaugnay sa umiiral na klasipikasyong pangkuwarentina ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

**SEKSYON XIII. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula sa araw ng pagkakalagda.

Nilagdaan ngayong ika- 15 ng Mayo, 2021. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**KGH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod